Ano ang Ibig Sabihin ng Reporma ng Batas para sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa mga Indibidwal?

CPCA
California Primary Care Association
Health Care Access for All

Pinagtibay ang batas para sa reporma sa pangangalagang pangkalusugan upang mabigyan ang mga indibidwal ng pagkakataon na magkaroon ng seguro (na may karampatang halaga at uri) para sa pangangalaga ng kanilang kalusugan, at ng mga proteksiyon para mapanatili ang segurong ito.

Nagbibigay ang mga klinika sa komunidad at ang mga sentrong pangkalusugan ng pangangalaga na umaangkop sa kultura at wika ng mga pasyenteng pinaglilingkuran, nagbibigay ng tuon sa pag-iwas sa sakit, at matatagpuan sa mga komunidad ng mga pasyenteng pinaglilingkuran. Laging handa ang mga klinika sa komunidad at ang mga sentrong pangkalusugan para magbigay ng pangangalagang kinakailangan ng mga indibidwal sa komunidad.

CHVC
California H1N1 Vaccination Collaborative

Bilang bahagi ng ating pagsasaalang-alang sa mas malaking kapakanan ng ating komunidad, nananatiling tunay na panganib sa kalusugan ng ating mga pamilya at mga anak ang H1N1, at lubhang napakarami pa ang walang proteksiyon sa pamamagitan ng bakuna para sa H1N1.

Mangyari pong pumunta sa inyong lokal na CCHC para makapagbakuna na ngayon!

Para sa mga katanungan hinggil sa pagpapabakuna, makipag-ugnay po kay Aracely Navarro sa anavarro@cpca.org o sa (916) 440-8170.

Para sa mga karagdagang katanungan hinggil sa reporma sa pangangalagang pangkalusugan, makipag-ugnay po kay Tahira Bazile sa tbazile@cpca.org o sa (916) 440-8170.

CALIFORNIA PRIMARY CARE ASSOCIATION
1231 I Street, Suite 400
Sacramento, CA 95814

Personal na Responsibilidad

- Simula sa taong 2014, lahat ng mga mamamayan ng Estados Unidos at mga legal na residente na hindi tumatanggap ng pangangalagang pangkalusugan na kaloob ng kanilang mga pinagtatrabahuhan ay kinakailangang bumili ng segurong pangkalusugan.
- Itatakda sa mga indibidwal na hindi bibili ng seguro ang pagbabayad ng halagang $95 sa 2014, $325 sa 2015, at $695 sa 2016 at lampas pa sa taong ito.
- Para sa mga hindi maaaring lumahok sa mga segurong pangkalusugan mula sa pinagtatrabahuhan, maaaring makakuha ng mga "sliding scale" (halaga na naaayon sa kakanyahan ng indibidwal na magbayad) na "subsidies" (tulong na salapi), at nang makabili ng seguro para sa isang indibidwal, nang hanggang sa 400% ng pederal na antas ng kahirapan ($40,000 para sa isang indibidwal).

Medi-Cal

- Magpapalawak sa Medicaid nang hanggang sa 133% ng pederal na antas ng kahirapan ($14,403 para sa isang indibidwal) sa 2014, kasama na sa kauna-unahang pagkakataon, ang mga "adults" " (may edad na 18 pataas) na walang anak.
- Nagtitiyak na lahat ng mga maaaring lumahok na "adults" ay makatatanggap ng "basic benefit package" (pakete ng mga batayang benepisyo).
- Tinatayang 1.7 milyon na mga taga-California ang maaaring lumahok sa pagpapalawak na ito ng programa.

Ang Seguro sa Programa ng Palitan

- Lilikha ang estado ng isang “one-stop shop” (iisang lugar para sa pamimili) para makapaghambing at makabili ng seguro ang mga indibidwal.
- Hindi na maaaring tanggihan ng mga kumpanya para sa seguro ang pagbibigay ng seguro sa mga indibidwal na dati nang mayroong mga sakit na kagaya ng kanser o hika.
- Simula sa Setyembre 2010, maaari nang manatili ang mga "young adults" sa mga segurong pangkalusugan ng kanilang mga magulang nang hanggang sa edad na 26.
- Ang mga plano para sa segurong pangkalusugan ay kakailanganing makapaghandog ng kahit man lamang pakete para sa "essential benefits" (batayang mga benepisyo).
- Kinakailangang kasama sa mga batayang benepisyong pangkalusugan ang mga pagkonsulta sa ospital at sa doktor, iniresetang mga gamot, serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip, pangangalaga para sa panganganak at sa bagong silang na sanggol, rehabilitasyon, at mga serbisyo para maka-iwas sa sakit at magkaroon ng mabuting kalusugan.
- Lahat ng mga planong pangkalusugan ay kinakailangang mag-alok ng "preventive care" (pangangalaga para makaiwas sa sakit) nang walang bayad.

Pagiging Payak at Madali ng Pagpapatala para sa Seguro

- Bibigyan ng eksamen ang mga pamilyang nangangailangan ng seguro para tingnan kung maaari silang lumahok at magpatala sa tumpak na programa para sa pangangalagang pangkalusugan, kasama na ang Medi-Cal at pribadong seguro.
- Para mapadali ang pagpapatala, lilikha ng iisang "form" (papel na kailangang sagutan) para magamit ng mga indibidwal na nais magsumite ng aplikasyon, sa Med-Cal man, o sa "subsidies" (tulong na salapi) para sa palitan ng seguro sa kalusugan. Maaaring isumite ang aplikasyon sa pamamagitan ng "internet," personal na pagtungo sa tanggapan, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng telepono.